U.S. Small Business Administration

# Nagbigay AngPaycheck Protection Program (PPP) Ng Pang-emergency Na Ayuda Para Sa COVID-19 SaMilyun-milyong Negosyo At Sa Kani-kanilang Mga Manggagawa

## Maling Paniniwala kontra sa Katotohanan

### MALING PANINIWALA #1: Lugmok ang PPP sa kalabisan, panloloko, at pang-aabuso.

**KATOTOHANAN:** Sinuportahan ng karamihan ng pondo ng PPP ang mga maliliit na negosyong Amerikano at ang masisipag nilang mga empleyadong labis na nangangailangan ng ayudang pang-ekonomiya. Para matiyak na nasusunod ang lahat na panuntunan, sumasailalim ang lahat na pautang sa naka-automate na pagrepaso, at lahat ng pautang na nasa $2 milyon o higit pa ay sasailalim sa mano-manong pagrepaso. Bilang karagdagan, maaaring mapili ang alinmang pautang para sa mano-manong pagrepaso. May matibay na proseso ang SBA sa pagtiyak na nagagamit ang mga pondo ng PPP sa pinaglaanan dito. Panata ng SBA na mabunot ang mapanlokong aktibidad; naaangkop na papanagutin ang sinumang aabuso sa importanteng programa na ito. Ang pagkakalista ng isang umuutang ay hindi nangangahulugan na nagsagawa ang SBA ng positibong deklarasyon na ang isang umuutang ay karapat-dapat o na ito ay makatatanggap ng patawad sa pautang. Mayroong nagpapatuloy na proseso ang SBA para sa pagrerepaso.

### MALING PANINIWALA #2: Sinusuportahan lang ng PPP ang malalaking korporasyon, hindi ang maliliit na negosyo.

**KATOTOHANAN:** Inilunsad ang PPP para tulungan na manatiling tumatakbo ang maliliit na negosyo at nakatatanggap ng sahod ang mga empleyado sa kasagsagan ng pandemya ng coronavirus. Sa mga negosyong nakatanggap ng mga pautang mula sa PPP, 75 porsiyento ang may siyam o mas kaunti pang empleyado. Bilang karagdagan, 87% ng lahat na pautang, o siyam sa sampu, ay $150,000 o mas mababa pa. Wala ni isang karapat-dapat na hiwalay na kontratista, solong proprietor, o maliit na negosyong nag-apply para sa pautang ng PPP at naapruba bago nagsara ang PPP—maging nagpapatrabaho ito ng daan-daang manggagawa o iisang indibidwal—ang nabukod sa pagtanggap ng pautang dahil sa kawalan ng pondo. Nagsara ang PPP noong Agosto na may higit sa $130 bilyon na pondong magagamit na hindi kinuha.

### MALING PANINIWALA #3: Hindi sinuportahan ng PPP ang mga manggagawa.

**KATOTOHANAN:** Bawat bahagi ng PPP ay idinisenyo para mapanatiling nagtatrabaho ang mga Amerikano. Nagtagumpay ang PPP. Sa ngayon, nasuportahan ng PPP ang higit sa 51 milyong trabaho ng Amerikano, at may higit sa 80% ng pasahod ng maliliit na negosyo sa Estados Unidos. Sa paghingi ng hindi bababa sa 60% ng mga pondo ng PPP para masagot ang mga gastusin sa pasahod, natiyak ng

Administrasyon na protektado ang mga sahod ng mga Amerikano. Direktang may kontribusyon ang PPP sa makasaysayang pagbangon ng ekonomiya na kasalukuyan nating dinaranas, na higit na nagpababa sa kawalan ng trabaho kaysa sa inaasahan noong kasagsagan ng pandemya. Bilang karagdagan, kasalukuyang nasa 6.7% ang bilang ng walang trabaho, isang bilang na hindi inasahan ng maraming panlabas na dalubhasa na makakamit hanggang sa ika-apat na quarter ng 2021.

## MALING PANINIWALA #4: Hindi nakarating ang mga pondo ng PPP sa mga komunidad na may kasaysayang hindi napaglilingkuran.

**KATOTOHANAN:** Mula nang naisabatas ang CARES Act, nakipagtulungan ang SBA at Treasury sa Kongreso, sa anumang laki ng mga umuutang, at nagpapa-utang—kabilang ang mga pangrehiyon at pangkomunidad na bangko, mga Community Development Financial Institution (mga CDFI), at mga Minority Depository Institution (mga MDI)—para matiyak na maa-access ng pinakamaraming bahagi ng maliliit na negosyo ang PPP. Para matiyak na magsimulang dumaloy nang mabilis ang mga pondo sa maliliit na negosyo, partikular na sa mga hindi napaglilingkurang komunidad, nagtulungan ang SBA at Treasury sa mga nagpapautang na nakaposisyong maabot ang mga umuutang na walang matatag na tradisyunal na ugnayan sa mga bangko. Sa pamamagitan ng mga aksyon namin, napataas namin ang bilang ng mga lumalahok na nagpapautang mula sa 1,700 na unti-unting sumali sa pautang ng SBA 7(a) noong 2019 sa halos 5,500 na nagpapautang na lumalahok sa PPP.

Nagsagawa ang SBA at Treasury ng agresibong kampanya sa pag-abot ng tulong para matiyak ang paglahok sa PPP ng mga CDFI, MDI, at minoridad, kababaihan, mga beterano, o nagpapautang na pag-aari ng militar dahil sa hindi mapantayang kakayahan nila na maabot ang mga komunidad na hindi napaglilingkuran. Ipinapakita ng datos na gumana ang kampanya ng pag-abot ng tulong ng SBA at Treasury.

Mula Agosto 8, 2020, nang magsara ang PPP para sa mga bagong aplikasyon, 432 na MDI at CDFI sa buong bansa ang lumahok, na nagbigay ng lagpas sa 221,000 pautang na may halagang higit sa $16.4 bilyon. Nakapagbigay ang PPP ng $133 bilyon ng mga pautang sa mga negosyong nasa mga Historically Underutilized Business Zone, na bumubuo sa higit sa 25 porsiyento ng lahat na pondo ng PPP. Dagdag pa, ipinababatid ng isang pagrepaso ng census ang 28 porsiyento ng populasyon ng U.S. ang namumuhay sa mababa at katamtamang mga census tract ng kinikita, at nang itapat sa distribusyon ng mga pautang ng PPP, 27 porsiyento ng mga pondo ng PPP ang napunta sa mga komunidad na may mababa at katamtamang kinikita, na kahanay ng kanilang kinakatawan sa populasyon.